MGA BAKUNA LABAN SA MPOX: ANG KAILANGAN MONG MALAMAN

VDH VIRGINIA DEPARTMENT OF HEALTH

Magpabakuna: Pwedeng Magpabakuna ang Sinumang Na-expose sa Mpox o Nag-iisip na nasa Panganib Sila

- Hindi mo kailangang ibigay ang personal mong impormasyon tungkol sa panganib para magpabakuna
- Sasaklawin ng Medicaid at Medicare ang gastos para sa bakuna
- Sasaklawin ng karamihan sa mga pribadong insurance plan ang bakuna. Tawagan ang iyong health insurance provider para tingnan.
    - Kung wala kang insurance coverage, makipag-ugnayan sa iyong lokal na departamento ng kalusugan tungkol sa mababang gastos o libreng bakuna laban sa mpox. Maghanap ng isa na malapit sa iyo sa vdh.virginia.gov/health-department-locator.

Doblehin: Nagbibigay ng Pinakamahusay na Proteksyon ang Parehong Dosis

- Mahalaga na makuha ang ikalawa mong dosis 28 araw pagkaraan ng una mong dosis
- Kahit matagal-tagal mo nang natanggap ang una mong dosis—pwede mo pa ring kunin ang ikalawa mong dosis ngayon
- Magiging pinakamabisa ang proteksyon mo laban sa mpox dalawang linggo pagkaraan ng pangalawa mong dosis

Sa Tamang Lugar: Pumili Kung Saan Ka Magpapabakuna

Pwedeng sa iyong braso, sa itaas na bahagi ng likod, o sa balikat

Para sa higit na impormasyon

bumisita sa vdh.virginia.gov/mpox